# MGA PARTIDONG PAMPULITIKA

*Madaling Gabay sa Botante*

May pitong kwalipikadong partidong pampulitika sa California. Ang Easy Voter Organization ay nagtanong sa bawat isa kung ano ang kanilang mga posisyon. Magagamit ninyo ang sinasabi ng mga partido tungkol sa kanilang mga sarili upang tulungan kayong magpasiya kung alin ang sasamahan. O, maaari ninyong markahan ang "Tumangging Magpahayag (Decline to State)" sa inyong form ng pagpaparehistro ng botante kung ayaw ninyong sumapi sa alinmang partido.

**Ano ang isang partidong pampulitika?**

Kapag magpaparehistro kayo para makaboto, tatanungin kayo kung gusto ninyong pumili ng isang partidong pampulitika.


POLITICAL PARTY - *Fill in one oval*

9

- American Independent Party
- Libertarian Party
- Democratic Party
- Republican Party
- Green Party
- Peace and Freedom Party
- Decline to State a Political Party

Ang partidong pampulitika ay isang grupo ng mga taong may magkakatulad na mga ideya tungkol sa kung paano dapat patakbuhin ang pamahalaan at ano ang dapat gawin ng pamahalaan. Ang mga partido ay nagsisikap namanalo sa mga halalan at magbago ng mga batas.

- Hindi gumagasta ng pera upang sumapi sa isang partido. Hindi ninyo kailangang gumawa ng anuman para sa partidong pinili ninyo.
- Sa Primaryang Halalan ng Tagsibol, ang mga partido ay pumipili ng mga kandidato upang tumakbo para sa katungkulan sa Pangkalahatang Halalan ng Nobyembre.
- Kung pumili kayo ng isang partidong pampulitika, makakaboto kayo para sa mga kandidato ng partidong iyon sa Primaryang Halalan ng Tagsibol. Sa Pangkalahatang Halalan ng Nobyembre, makakaboto kayo para sa sinumang kandidato — kahit na siya ay mula sa ibang partido.

*Pinagmulan: www.easyvoter.org sa pakikipagtulungan sa mga partidong pampulitika sa California*

# MGA PARTIDONG PAMPULITIKA

*Mga Pag-endorso at Prayoridad ng Partidong Pampulitika*

## Partidong Amerikanong Independiyente

Ang partidong ito ay may humigit-kumulang 581,060 miyembro sa California. Para sa karagdagang impormasyon tumawag sal 707-359-4884 o bisitahin ang www.aipca.org.

Ang Partidong Amerikanong Independiyente ay sumusuporta sa tradisyunal na mga pinahahalagahang moral at bigay ng Diyos na mga karapatan sa buhay, kalayaan at pagsisikap na magkamit ng kaligayahan.

Ang partidong ito ay naniniwala na ang pamahalaan ay dapat sumunod sa Saligang-batas ng U.S., kabilang ang pagprotekta sa buhay at ari-arian at pagkakaroon ng malakas na pambansang depensa, nang hindi nag-aaksaya ng mga pampublikong pondo.

- Tapusin ang labag sa batas na imigrasyon.
- Balansehin ang badyet ng estado.
- Tugunan ang pagkumpuni ng levee at mga problema ng estado sa tubig.

## Partidong Demokratiko

Ang partidong ito ay may humigit-kumulang 8,956,480 miyembro sa California. Para sa karagdagang impormasyon tumawag sa 916-442-5707 o bisitahin ang www.cadem.org.

Ang Partidong Demokratiko ay sumusuporta sa mga nagtatrabahong pamilya. Ang mga Demokratiko ay lumalaban para sa mas mahusay na mga paaralan, abot-kayang pangangalagang pangkalusugan, karapatan ng isang babae na pumili, mas ligtas na mga kalye, mas malinis na kapaligiran, inaasintang mga may pinagtutuunan na pagbabawas ng buwis at isang matatag na ekonomiya.

Ang partidong ito ay naniniwala na ang papel ng pamahalaan ay turuan ang mga mamamayan, habang nagpoprotekta sa kanilang mga karapatan at tinitiyak ang isang matatag at masaganang bansa para sa kanila.

- Mahusay na edukasyon, lalo na ang pagkakaroon ng ganap na kakayahang makakuha ng mas mataas na edukasyon.
- Katatagang pangkabuhayan.
- Mga ligtas na komunidad.

*Pinagmulan: www.easyvoter.org sa pakikipagtulungan sa mga partidong pampulitika sa California*

# MGA PARTIDONG PAMPULITIKA

*Mga Pag-endorso at Prayoridad ng Partidong Pampulitika*

## Partidong Luntian

Ang partidong ito ay may humigit-kumulang 90,762 miyembro sa California. Para sa karagdagang impormasyon tumawag sa 916-549-6788 o bisitahin ang www.cagreens.org.

Ang Partidong Luntian ay sumusuporta sa mga sumusunod na pinahahalagahan: hustisyang panlipunan at pangkabuhayan, kawalan ng karahasan, paggalang sa pagkakaiba-iba, mga karapatan ng mga babae, personal at pandaigdig na responsibilidad, at proteksiyon ng kapaligiran.

Ang partidong ito ay naniniwala na ang pamahalaan ay dapat kumatawan sa kagustuhan ng mga tao at magkaloob ng pamumuno na bumubuo ng maipagpapatuloy na mga gawain na nagpoprotekta sa planeta at Lipunan para sa mga susunod na henerasyon.

• Nakabubuhay na mga suweldo, pangangalagang pangkalusugan at edukasyon para sa lahat.
• Mga pinagkukunan ng malinis na enerhiya at proteksiyon ng kapaligiran.
• Reporma sa halalan.

## Partidong Libertaryan

Ang Partidong Libertaryan ay may humigit-kumulang 171,579 miyembro sa California. Para sa karagdagang impormasyon tumawag sa 916-446-1776 o bisitahin ang www.ca.lp.org.

Ang Partidong Libertaryan ay Amerikanong tulad ng apple pie. Tulad ninyo, kami ay may mga trabaho, negosyo, pamilya at pangarap. Kung inilalarawan ninyo ang sarili bilang mapagbigay sa lipunan at responsable sa pananalapi, kayo ay Libertaryan. Kami ay naniniwala na kayo, hindi ang pamahalaan, ang dapat magpasiya kung paano patatakbuhin ang inyong buhay, inyong pera, inyong edukasyon at inyong pamilya.

• Bawasan ang mga buwis. Maitabi ang mas malaking bahagi ng kinikita ninyo.
• Kayo ang nagpapasiya kung paano ninyo palalakihin ang inyong mga anak.
• Gawin ang ating mga kalye na ligtas muli.

*Pinagmulan: www.easyvoter.org sa pakikipagtulungan sa mga partidong pampulitika sa California*

# MGA PARTIDONG PAMPULITIKA

*Mga Pag-endorso at Prayoridad ng Partidong Pampulitika*

## Partidong Kapayapaan at Kalayaan

Ang Partidong Kapayapaan at Kalayaan ay sumusuporta sa demokrasya, pagtutulungan at pagbahagi. Gusto nitong organisahin at bigyan ng edukasyon ang publiko, upang lahat tayo ay magkakasamang nagtatrabaho upang matugunan ang mga pangangailangan ng tao.

Ang partidong ito ay naniniwala na ang papel ng pamahalaan ay siguruhin na ang bawat isa ay may mga trabaho, bahay, edukasyon, pangangalagang pangkalusugan at pantay na mga karapatan.

- Pauuwin agad ang lahat ng sundalo.
- Doblehin ang pinakamababang suweldo.
- Libre, mahusay na pangangalagang pangkalusugan para sa lahat.

Ang partidong ito ay may humigit-kumulang 90,120 miyembro sa California. Para sa karagdagang impormasyon tumawag sa 951-456-4595 o bisitahin ang www.peaceandfreedom.org.

## Partidong Republikano

Ang Partidong Republikano ay para tulungan ang bawat isa sa California na tuparin ang "American Dream" sa pamamagitan ng pagpapalawak ng trabaho at mga oportunidad sa negosyo upang lumikha ng mas malaking kaunlaran para sa lahat ng pamilya.

Ang partido ay naniniwala na ang papel ng pamahalaan ay magkaloob ng mahusay na edukasyon para sa ating mga bata, ligtas na mga komunidad at isang kapaligirang magiliw sa trabaho upang ang lahat ng manggagawa ay makahanap ng mga trabaho.

- Bigyan ng pananagutan ang mga paaralan upang ang lahat ng bata ay makatanggap ng mahusay na edukasyon.
- Gawing mas madali para sa mga negosyo na lumikha ng mga karagdagang trabaho.
- Pahusayin ang kalidad ng buhay para sa mga pamilya.

Ang partidong ito ay may 4,793,833 miyembro sa California. Para sa karagdagang impormasyon tumawag sa 916-448-9496 o bisitahin ang www.cagop.org.

*Pinagmulan: www.easyvoter.org sa pakikipagtulungan sa mga partidong pampulitika sa California*

# MGA PARTIDONG PAMPULITIKA

*Mga Pag-endorso at Prayoridad ng Partidong Pampulitika*

## Tumangging Magpahayag

Hindi ninyong kailangang pumili ng isang partidong pampulitika kapag nagpaparehistro kayo para makaboto. Magagawa ninyong piliin ang "Tumangging Magpahayag" (kung minsan ay tinatawag na pagiging "independiyente" o "di-partidista").